

Paggamit ng FFJ:

- Ihalo ang 2 kutsarang FFJ o 20 ml sa 1 litrong tubig o 2 lata ng sardinas sa bawat 16 litrong tubig.
- Idilig o iisprey sa halaman sa umaga o dakong hapon sa panahon ng pamumulaklak at pamumunga. Maglagay minsan isang linggo o minsan bawat dalawang linggo simula pamumulaklak hanggang pamumunga.
- Dagdagan ng kaparehas na ratio ng IMO ang tinimplang FFJ at gamitin itong pang-isprey sa mga punong kahoy sa panahon ng pamumunga upang tumamis ang bunga.
- Maari rin itong gamitin para sa mga alagang hayop. Ihalo ang 1 kutsarang FPJ sa inuming tubig ng inaalagaang hayop, lalo na sa panahon na may karamdaman ang mga ito, upang mas mabilis ang paggaling mula sa karamdaman at pagod (stress).

Production Team

Consultants
Renato A Maguigad
Center Director

Imelda M. Guillermo
Head, Technical Support Services

Marites E. Frogoso
Head, Training Services

Dr. Jimmy Q. Abarabar
Coordinator Organic Agriculture

Writers
Ma. Norma G. Maddalora
Info. Officer II
Claris M. Alaska
Agriculturist II

Proofreader
Arlyne G. Ong

Layout and Design
Teodoro B. Bauí
Artist Illustrator II

References:

- Training of Trainers on AgriPinoy Program, Training Manual. Philippine Rice Research Institute, Science City of Munoz, Nueva Ecija. November 8-12, 2010.
- Natural Farming Inputs. Paper presented during the Training of Trainers on Organic Agriculture, October 24-28, 2011. Bacolod City, Negros Occidental.

Reprinted by:
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Diliman, Quezon City

PAGGAWA NG KATAS BURONG PRUTAS (KB-PRUTAS) FERMENTED FRUIT JUICE (FFJ)



**Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center-Region 2
Cabagan, Isabela San Mateo, Isabela**

Ang **Katas ng Burong Prutas (KBP)** o **Fermented Fruit Juice (FFJ)** ay katas mula sa binurong prutas na mayaman sa bitamina, enzymes at hormones. Pinakamainam na gawing katas ng burong prutas ang mga hinog na prutas na mayaman sa potassium tulad ng saging (pati balat nito), mangga, papaya, avocado at magulang na kalabasa.


Gawain ng **Katas ng Burong Prutas:**

- Pinapataas nito ang mga elementong kailangan ng halaman sa pamamagitan ng mga dahon at ugat nito.
- Pinapatamis ang bunga ng halaman.
- Tumutulong sa halaman sa pagsipsip ng mga sustansya sa lupa.
- Pinoprotektahan ang mga halaman sa mga sakit at peste.
- Pinapadali ang paghinog ng prutas.
- Pwedeng ipainom sa mga alagang hayop upang makatulong sa digestion.

Mga Kakailanganing Materyales:


- Lalagyan (earthen jar or food grade plastic container or bottle)
- Malinis na papel
- Tali
- Molasses
- Hinog na prutas na mataas sa potassium

Paraan ng Paggawa ng **Katas ng Burong Prutas:**




1

Gayatin ng maliit ang 1 kilong hinog na prutas. Huwag isama ang balat at buto ng prutas maliban sa saging. Maaring gamitin ang saging, mangga, papaya at avocado. Ang magulang na kalabasa ay maari ring gamitin.



2

Ilagay ang ginayat na prutas sa loob ng tapayan at haluan ng 1 kilong molasses.



3

Takpan ng malinis na papel at talian ito. Ilagay sa malamig at malilim na lugar. Buruhin sa loob ng 7 araw.



4

Gamitin ang mga sabaw pang-isprey o pandilig sa halaman. Maari rin itong inumin ng tao. Makakakuha ng mahigit-kumulang 2.5 litro ng **Katas ng Burong Prutas** or **Fermented Fruit Juice** Sa 1:1 ratio na iyong ginawa.